County ng San Diego
KAGAWARAN NG PANGKAPALIGIRANG KALUSUGAN AT KALIDAD
DIBISYON NG PAGKAIN AT PABAHAY
P. O. BOX 129261, SAN DIEGO, CA 92112-9261
TELEPONO: (858) 505-6900
FHDTempEvents@sdcounty.ca.gov

# Mga Uri ng Permiso para sa Pansamantalang Kaganapan

May tatlong madaling hakbang upang makakuha ng isang Pansamantalang Permiso sa Pasilidad ng Pagkain (Temporary Facility Food Permit o TFF)

1. Hanapin ang tamang uri ng permiso gamit ang talaan sa ibaba para sa iyong ispesipikong operasyon ng negosyo.
2. Isumite ang mga kinakailangan na mga dokumento, tulad ng nakalista sa talaan, sa pamamagitan ng email sa fhdtempevents@sdcounty.ca.gov; sa personal, sa 5500 Overland Ave., Ste. 170, San Diego, CA 92123 sa pagitan ng mga oras ng alas 8:00 ng umaga – alas 4:00 ng hapon; sa koreo sa P.O. 129261, San Diego, CA 92112-9261. Mangyaring magplano nang naaayon: Ang US Postal Mail na koreo ay tumatagal ng humigit-kumulang na 3-5 na araw sa pamamagitan ng koreo sa County.
3. Sa sandaling bigyan ka ng kawani ng singil (invoice) ng TFF, bayaran ang lahat na naaangkop na bayarin alinman sa online (www.dehqpay.com), sa personal (gamit ang pera o tseke), o sa koreo (tseke lamang. Huwag magpadala ng pera sa koreo).

| Taunang mga Nagtitinda | | |
|---|---|---|
| **Uri ng Permiso** | **Deskripsyon** | **Kinakailangang mga Dokumento** |
| Nagtitinda ng Nakabalot (taunan)<br> | Ang permiso na ito ay may bisa sa buong taon.<br><br>Ang permiso ay nagpapahintulot sa pamamahagi ng hindi pa nabuksan na nakabalot na pagkain at inumin sa selyadong pakete ng tagagawa. Ang paghahanda at pag-sampol ng pagkain o inumin na bukas/hindi nakabalot ay hindi pinahihintulutan. | 1. Aplikasyon ng TFF na Nagbebenta<br>2. Katibayan ng kasalukuyang permiso sa kalusugan kung ang komisaryo ng Nagbebenta ay wala sa San Diego County.<br>3. Liham ng Kasunduan ng Komisaryo<br>1. Katibayan ng kasalukuyang permiso sa kalusugan ng komisaryo, pinakahuling ulat ng inspeksyon sa kalusgan, at Standard Operating Procedures (SOP) ng nagtitinda, kabilang ang transportasyon at pagtatapon pagkatapos ng kaganapan, kung ang komisaryo ng nagtitinda ay wala sa San Diego County.<br>2. Pagpapagrerehistro sa Naprosesong Pagkain, permiso ng kalusugan, o katibayan ng aprubadong pinagmulan (mga resibo). Maaaring kailanganin ang mga karagdagang dokumento.<br>3. Katibayan ng katayuan bilang nonprofit, kung naaangkop. |
| Swap Meet Vendor Single Location (Nagtitinda sa Swap Meet Isang Lokasyon) (taunan) | Ang permiso na ito ay may bisa sa buong taon sa isang lokasyon ng swap meet (walang TFF).<br><br>Ang permiso ay pinahihintulutan ang pamamahagi at pagbebenta ng mga dati nang nakabalot, hindi potensyal na mapanganib na mga pagkain at inumin sa selyadong pakete ng tagagawa o hindi hiniwang produkto. | 1. Aplikasyon para sa TFF na Nagtitinda<br>2. Liham ng Kasunduan ng Komisaryo. |
| Nagtitinda ng Hindi Nakabalot (taunan)<br> | Ang permiso na ito ay may bisa sa buong taon.<br><br>Pinahihintulutan ng permiso ang paghati, paggupit, pagsalok, bukas/hindi nakabalot na sampling ng mga pagkain at inumin sa labas ng pakete ng tagagawa, pagluluto, paghahalo, paghahalo ng mga bukas na inumin sa lugar, | 1. Aplikasyon ng TFF na Nagbebenta<br>2. Liham ng Kasunduan ng Komisaryo<br>3. Katibayan ng kasalukuyang Sertification ng Tagapamahala sa Kaligtasan ng Pagkain.<br>4. Iberipika kung ang lababo (3-kompartamento) para sa paghuhugas ng kagamitan ay ibinibigay ng Tagapag-ayos. Kung hindi, magbigay ng liham ng kasunduan sa paghuhugas ng kagamitan o singil sa pagrenta kung mahigit 4 na oras ang kaganapan (kabilang ang oras ng pag-set-up). Kung ang kaganapan |

| | | |
|---|---|---|
| | at anumang iba pang paghahanda ng bukas/ hindi nakabalot na pagkain at inumin sa lugar ng kaganapan. | ay 4 na oras o mas maikli, maaaring hindi kailangan ang isang lababo (3-kompartamento) para sa paghuhugas ng kagamitan.<br>1. Kung ang iyong komisaryo ay wala sa San Diego County, magbigay ng katibayan ng kasalukuyang permiso sa kalusugan ng komisaryo o ang pinakabagong ulat ng inspeksyon ng kalusugan, kasama ang Standard Operating Procedures (kabilang ang paghahanda ng pagkain, transportasyon, at pagtatapon pagkatapos ng kaganapan).<br>2. Katibayan ng katayuan bilang nonprofit, kung naaangkop. |
| **Mga Nagtitinda sa Isahang-Kaganapan** | | |
| **Uri ng Permiso** | **Deskripsyon** | **Kinakailangang mga Dokumento** |
| Nagtitinda ng Nakabalot (isang kaganapan)<br> | Ang permiso na ito ay may bisa para sa isang kaganapan<br>(1-4 na araw).<br><br>Ang permiso ay nagpapahintulot sa pamamahagi ng hindi pa nabuksan na nakabalot na pagkain at inumin sa selyadong pakete ng tagagawa. Ang paghahanda at pag-sampol ng pagkain o inumin na bukas/hindi nakabalot ay hindi pinahihintulutan. | 1. Aplikasyon ng TFF na Nagbebenta<br>2. Pagpaparerehistro sa Naprosesong Pagkain, permiso ng kalusugan, o katibayan ng aprubadong pinagmulan (mga resibo). Maaaring kailanganin ang mga karagdagang dokumento.<br>3. Katibayan ng katayuan bilang nonprofit, kung naaangkop. |
| Limitadong Serbisyo ng Inumin (isang kaganapan) | Ang permiso na ito ay may bisa para sa isang kaganapan (1-4 na araw)<br><br>Pinahihintulutan ng permiso na ito ang pagbubukas at pagbuhos ng inumin mula sa isang selyadong lalagyan o draft sa isang disposable na baso. Hindi pinahihintulutan ang pagsalok ng yelo, paghahalo ng cocktail, o pagdaragdag ng palamuti. | 1. Aplikasyon ng TFF na Nagbebenta<br>2. Katibayan ng katayuan bilang nonprofit, kung naaangkop. |
| Nagtitinda ng Hindi Nakabalot (isang kaganapan)<br>  | Ang permiso na ito ay may bisa para sa isang kaganapan (1-4 na araw)<br><br>Pinahihintulutan ng permiso ang paghahati, paggupit, pagsalok, bukas/hindi nakabalot na pagsa-sampol ng mga pagkain at inumin sa labas ng pakete ng tagagawa, pagluluto, paghahalo, paghahalo ng mga bukas na inumin sa lugar, at anumang iba pang paghahanda ng bukas/hindi nakabalot na pagkain at inumin sa lugar sa kaganapan. | 1. Aplikasyon ng TFF na Nagbebenta<br>2. Iberipika kung ang 3-kompartamentong hugasan ng mga kagamitan ay ibinibigay ng Tagapag-ayos. Kung hindi, magbigay ng liham ng kasunduan sa paghuhugas ng kagamitan/singil sa pagrenta kung lampas sa 4 na oras. Kung ang kaganapan ay 4 na oras o mas maiksi, maaaring hindi kailanganin ang 3-kompartamentong lababo para sa paghuhugas.<br>3. Katibayan ng katayuan bilang nonprofit, kung naaangkop. |
| **Kung ang kaganapan ay higit sa 1 araw, ang isang kasunduan ng komisaryo ay maaaring kailanganin.** | | |
| **Mga Tagapag-ayos** | | |
| **Uri ng Permiso** | **Deskripsyon** | **Kinakailangang mga Dokumento** |
| Tagapag-ayos ng Pansamantalang Kaganapan (isang kaganapan) | Ang tagapag-ayos ng isang kaganapan ay maaaring mag-host ng isang 1-4 na araw na kaganapan (dapat ay magkakasunod na araw) hangga't ang kaganapan ay may parehong pangalan at nangyayari sa parehong lokasyon bawat araw. | Tagapag-ayos na may nagtitinda ng hindi nakabalot na pagkain:<br>1. Aplikasyon ng Tagapag-ayos.<br>2. Mapa ng lugar kasama ang lahat ng kinakailangang elemento.<br>3. Listahan ng mga nagtitinda.<br>4. Magbigay ng liham ng kasunduan sa paghuhugas ng mga kagamitan/singil sa pagrenta kung higit sa 4 na oras. Kung ang kaganapan ay 4 na oras o mas kaunti (kabilang ang oras ng paghahanda), maaaring hindi kailanganin ang lababo sa paghuhugas (3-kompartamento)<br>5. Katibayan ng katayuan bilang nonprofit, kung naaangkop. |
| Tagapag-ayos ng Pansamantalang Kaganapan (taunan) | Ang tagapag-ayos ng isang taunang kaganapan ay isang entidad na nagho-host ng isang kaganapan sa komunidad ng maraming beses sa isang taon, na hindi lalampas sa 25 araw ng pagpapatakbo sa loob ng 90-araw na panahon. Ang permiso sa bawat tagapag-ayos ng isang taunang kaganapan ay may bisa lamang sa parehong kaganapan sa parehong | |

| | | |
|---|---|---|
| | lokasyon. Kung ang kaganapan ay naglalakbay sa buong San Diego County, isang hiwalay na TFF na permiso ng Tagapag-ayos ay kinakailangan para sa bawat lokasyon ng kaganapan. Kung mayroong iba't ibang mga kaganapan sa parehong lokasyon, isang hiwalay na TFF permiso ng Tagapag-ayos ay kinakailangan para sa bawat kaganapan. | 6. Kita para sa mga nonprofit na kaganapan:<br>○ Listahan ng Nagtitinda na Kainan/merkado<br>○ Mga Deklarasyon<br>Tagapag-ayos na may mga nagtitinda ng nakabalot na pagkain lamang:<br>1. Aplikasyon ng Tagapag-ayos.<br>2. Mapa ng lugar kasama ang lahat ng kinakailangang elemento.<br>3. Listahan ng mga nagtitinda.<br>4. Katibayan ng katayuan bilang nonprofit, kung naaangkop. |
| Certified Farmers Market na may Pansamantalang Kaganapan | Ang isang Certified Farmers' Market (CFM) ay isang merkado na nasertipika ng Kagawaran ng Agrikultura, Timbang, at Sukat ng San Diego County. Ang CFM na may Pansamantalang Kaganapan ay maaaring magkaroon ng mga nagtitinda ng pagkain o inumin at mga sertipikadong merkado ng magsasaka, ngunit dapat silang pisikal na paghiwalayin sa kaganapan. | 1. Aplikasyon ng Tagapag-ayos ng TFF (kabilang ang lahat ng dokumento na nakalista sa seksyon ng Tagapag-ayos sa itaas).<br>2. Sertipiko ng CFM mula sa San Diego County, Kagawaran ng Agrikultura, Timbang, at Sukat. |
| Certified Farmers Market na walang Pansamantalang Kaganapan | Ang isang Certified Farmers' Market (CFM) ay isang merkado na nasertipika ng Kagawaran ng Agrikultura, Timbang, at Sukat ng San Diego County. Ito ay isang CFM na walang mga nagtitinda ng pagkain at inumin. | 1. Sertipiko ng CFM mula sa San Diego County, Kagawaran ng Agrikultura, Timbang, at Sukat. |
| Permiso ng Kaganapan sa Komunidad Event Organizer | Ang isang Permiso ng Tagapag-ayos sa Kaganapan sa Komunidad (Community Event Permit o CEP) ay kinakailangan para sa mga kaganapan sa hindi pinagsamang lugar ng San Diego County na sinusuportahan ng isang nonprofit na organisasyon. | Kontakin ang Tagapangasiwa ng CEP para sa mga kinakailangan.<br>Website: Permiso ng Kaganapan sa Komunidad<br>Email: dehcommunityevents@sdcounty.ca.gov. |
| **Mga Operasyon ng Cotttage Food (Class A at B) na dumadalo sa Pansamantalang mga Kaganapan** | | |
| **Uri ng Permiso** | **Kinakailangang mga Dokumento** | |
| Cottage Food na Operasyon Class A<br>Cottage Food na Operasyon Class B | • Walang ibang mga dokumento ang kinakailangan kung ang negosyo ay may wastong pagpaparehistro/permiso sa kalusugan at hindi nagsasampol/walang hindi nakabalot na pagkain.<br>• Kung mayroong pagsasampol o hindi nakabalot na pagkain, ang naaangkop na pansamantalang permiso ng pasilidad ng pagkain para sa nagtitinda ang dapat kunin. | |
| Cottage Food na Operasyon sa Labas ng County | • Kailangang mag-aplay para sa naaangkop na pansamantalang pasilidad ng pagkain ng nagtitinda na permiso.<br>○ Nagtitinda ng Nakabalot kung hindi nagsasampol. Nagtitinda ng Hindi Nakabalot kung nagsasampol.<br>• Magbigay ng katibayan ng may bisang pagrerehistro sa CFO/permiso sa kalusugan mula sa nag-isyu na hurisdiksyon. | |
| **Mga Nagtitinda ng Mobile na Pagkain na dumadalo sa Pansamantalang Kaganapan (mga Food Truck)** | | |
| **Uri ng Mobile** | **Kinakailangang mga Dokumento** | |
| Mobile na may permiso sa San Diego County | • Magbigay ng katibayan ng may bisang permiso sa kalusugan para sa mobile na pasilidad ng pagkain.<br>• Walang ibang mga dokumento ang kinakailangan kung ang negosyo ay may wastong permiso sa kalusugan sa mobile na pagkain ng County ng San Diego at nagpapatakbo sa loob ng pasilidad ng mobile na pagkain. Walang pagkain ang maaaring ihanda, iimbak, o ihain sa labas ng mobile unit. | |
| Mobile na may permiso sa ibang county o estado | • Magbigay ng katibayan ng may bisang permiso sa kalusugan para sa mobile na pasilidad ng pagkain and HCD insignia.<br>• Magbigay ng kopya ng pinakahuling ulat ng inspeksyon.<br>• Magbigay ng Standard Operating Procedures (SOP) kung ang oras ng transportasyon ay lumampas sa 30 minuto. | |
| Mobile na walang permiso sa alinmang County o Estado | • Mag-aplay para sa isang permiso sa pansamantalang pasilidad ng pagkain at magpatakbo sa loob ng booth.<br>• Magagamit lang ang mobile para sa transportasyon, pag-iimbak, at pag-aanunsyo.<br>• Magbigay ng SOP kung ang oras ng transportasyon ay lalampas sa 30 minuto.<br>• Kung ang kaganapan ay mas mahaba sa 1 araw, ibigay ang:<br>○ Liham ng Kasunduan ng Komisaryo<br>○ SOP na dokumento para sa paano, saan, at kailan magaganap ang transportasyon/pag-iimbak ng pagkain. | |

| | |
|---|---|
| Labas ng County Isang-Araw na Kaganapan vs. Maraming-Araw na Kaganapan | • Hindi kinakailangang magkaroon ng komisaryo ang mga nagpapatakbo ng mobile na pagkain sa isang araw na kaganapan.<br>• Ang mga maramihang-araw na kaganapan ay dapat kumuha ng lokal na komisaryo. |

Ito ay mga pangkalahatang patnubay. Kung ang modelo ng iyong negosyo ay hindi nakalista sa itaas, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa kawani ng TFF para sa karagdagang mga detalye. Ang hindi pagbibigay ng mga nakalistang dokumento sa itaas ay maaaring magresulta sa pagkaantala sa pagproseso ng permiso at karagdagang bayad.

Mangyaring kontakin kami para sa karagdagang mga tanong sa fhdtempevents@sdcounty.ca.gov o (858) 505-6809.